- 3 Piliin ang **Iba pa > Mga numero ng serbisyo.**

## **Paggawa ng mga contact**

### **Upang gumawa ng isang bagong contact**

- 1 Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Mga contact.**
- 2 Piliin ang **Iba pa > Bagong contact.**
- 3 Maaari kang magpasok ng datos sa contact sa apat na tab.
- 4 Piliin ang **I-save.**

-  *Kung isi-save mo ang mga numero ng telepono ng iyong contact sa internasyonal na format ng numero, nagsisimula sa +, maaari kang direktang tumawag mula sa Mga contact kapag ikaw ay nasa abroad.*

## **Scanner ng business card**

Sa Scanner ng business card maaari mong i-scan ang isang

business card at pinapayagan ng telepono ang magdagdag ang mga detalye sa contact sa iyong mga contact.

### **Upang makapag-scan ng business card**

- 1 Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Organizer > Scanner ng business card.**
- 2 Piliin ang **Kunan** para iaktibo ang kamera.
- 3 Kumuha ng larawan ng business card sa pamamagitan ng pagpindot sa pindutan na kamera. Maaari mo ngayong idagdag ang mga nai-scan na impormasyon sa iyong mga contact o maaari mong gawin ito mamaya.

### **Para magdagdag ng mga detalye sa business card sa Mga contact**

- 1 Mag-scan ng business card, o magbukas ng dati nang nai-scan na card sa **Main menu > Organizer > Scanner business card > I-browse.**
- 2 Piliin ang **Iproseso.**
- 3 I-adjust ang mga field sa entry ng contact kung kinakailangan.
- 4 Piliin ang **I-save.**

## Pag-e-edit ng mga contact

### *Upang magdagdag ng field sa isang contact*

- 1 Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Mga contact**.
- 2 Mag-scroll sa iang contact at piliin ang **Iba pa > Pag-edit ng contact**.
- 3 Piliin ang **Iba pa > Magdagdag ng field** at markahan ang isang field.
- 4 Piliin ang **Idagdag**.

### *Upang i-edit ang contact sa SIM card*


- 1 Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Mga contact**.
- 2 Piliin ang **Iba pa > Tingnan ang folder > SIM**.
- 3 Mag-scroll sa iang contact at piliin ang **Iba pa > Pag-edit ng contact**.

### *Upang magdagdag ng nakatabing larawan sa isang contact*

- 1 Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Mga contact** at mag-scroll sa isang contact.
- 2 Piliin ang **Iba pa > I-edit ang contact**.
- 3 Mag-scroll sa field ng **Larawan field** at piliin ang **I-edit**.

- 4 Piliin ang **Piliin** at mag-scroll sa isang larawan na nais mong idagdag.
- 5 Piliin ang **Piliin > I-save**.

### *Upang magdagdag ng personal na ringtone sa isang contact*

- 1 Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Mga contact** at mag-scroll sa gustong contact.
- 2 Piliin ang **Iba pa > I-edit ang contact**.
- 3 Piliin ang tab na audio .
- 4 Mag-scroll sa **Ringtone: drop-down menu** at piliin ang **Buksan > Humanap ng tunog**.
- 5 Mag-scroll sa tunog na nais mong idagdag.
- 6 Piliin ang **Piliin**.
- 7 Piliin ang **Iba pa > I-save**.

## Pag-manage sa mga contact

### *Upang kopyahin ang isang contact sa ibang folder*

- 1 Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Mga contact** at mag-scroll sa isang contact.
- 2 Piliin ang **Iba pa > Idagdag sa > ginustong folder**.

### ***Upang magtanggal ang isang contact***

- 1 Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Mga contact** at mag-scroll sa isang contact.
- 2 Piliin ang **Iba pa > Tanggalin**.

### ***Upang kopyahin ang mga contact sa SIM card***

- 1 Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Mga contact**.
- 2 Markahan ang mga gustong entry sa Mga contact.
- 3 Piliin ang **Iba pa > Idagdag sa > SIM**.

### ***Para kopyahin ang mga contact sa SIM card***

- 1 Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Mga contact**.
- 2 Piliin ang **Iba pa > Tingnan ang folder > SIM** para buksan ang SIM card.
- 3 Markahan ang mga gustong entry.
- 4 Piliin ang **Iba pa > Kopyahin sa Mga contact**.

# Internet

## Internet browser

Upang magamit ang mga RSS feed kailangan mo ng koneksyon sa Internet. Tingnan ang *Pag-set up sa Internet, email at MMS* sa Web guide.

### *Upang simulan ang Web browser*

- Mula sa Standby piliin ang **Main menu** > **Messaging**.


### Nabigasyon

Lahat ng mga utos at setting sa nabigasyon ay magagamit mula sa menu ng **lba pa**. Ang mga pinakakaraniwang operasyon ay magagamit rin bilang mga shortcut sa keyboard.


---

#### Key Function


---

1  Ipasok ang address


---

2  Buksan ang listahan ng mga bookmark

---


3  Isara ang kasalukuyang pahina

---


4  Pumunta sa homepage

---


---

5  Magpalit sa pagitan ng mga naglo-load at mga hindi naglo-load na larawan

---

6  Magpalit sa pagitan ng normal at **Buong screen** na display


---

7  Lumipat sa susunod na pahina


---

8  Buksan ang menu sa **Configuration**


---

9  Magdagdag ng isang bookmark para sa kasalukuyang pahina

---

\*  **Hanapin** (sa Internet o sa kasalukuyang pahina)

---

#  Pumunta sa itaas o ilalim ng pahina

---

0+  **Itigil** o **I-reload** ang kasalukuyang pahina


---

## Mga setting

### *Upang lumipat sa pahalang na view*

- Sa pagkakabukas ng Web piliin ang **Iba pa > Mga setting** at markahan ang check box na **Pahalang**.

### *Upang makalabas sa pahalang na view*

- Piliin ang  > **Mga setting** at i-unmark ang check box na **Pahalang**.

## Mga RSS feed

Ang mga RSS feed ay pinapayagan kang makita kapag may idinagdag na bagong nilalaman sa isang Web site. Maaari mong, halimbawa, kunin ang mga pinakahuling headline na hindi bumibisita sa Web site.

Maaari kang magdagdag ng direkta ng mga feed sa mga aplikasyon ng mga RSS feed . Isang mas madaling paraan ay ang magdagdag ng mga feed mula sa loob ng Web browser.


## Bago ka gumamit ng mga RSS feed

Upang magamit ang mga RSS feed kailangan mo ng koneksyon sa Internet. Tingnan ang *Pag-set up sa Internet, email at MMS* sa Web guide.

### **Upang makapag-subscribe sa isang RSS feed**

- 1 Mula sa **Standby** piliin ang **Main menu > Entertainment > Mga RSS Feed**.
- 2 Piliin ang **Iba pa > Magdagdag ng feed** at ipasok ang address sa feed.
- 3 Pumili ng folder upang idagdag ang feed.

### *Upang makapag-subscribe sa isang RSS feed mula sa Web browser*

- 1 Mula sa **Standby** piliin ang **Main menu > Messaging**.
- 2 Magnabiga sa isang pahina na nag-aalok ng mga RSS feed.
- 3 Piliin ang  at pumili sa pagitan ng mga magagamit na feed.
- 4 Pumili ng isang feed kung aling folder ito idaragdag.



### ***Upang tingnan ang isang RSS feed***

- 1 Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Entertainment > Mga RSS Feed.**
- 2 Pumili ng isang feed at piliin ang **Buksan.**

### **Blog**

Gamitin ang function ng Blog upang ma-publish, halimbawa, ang iyong mga litrato sa internet.

### ***Upang makapagpadala ng isang litrato sa isang blog***

- 1 Magnabiga sa iyong litrato at piliin ito.
- 2 Piliin ang **Iba pa > Ipadala bilang > Blog.**
- 3 Magpasok ng isang titulo at text.
- 4 Piliin ang **I-publish.**  
Ang unang beses na makakakuha ka ng isang naidagdag na bookmark sa iyong telepono at impormasyon tungkol sa kung paano i-edit ang blog sa internet.

# Messaging

## Bago ka gumamit ng Messaging

Bago ka makapagpadala o makatanggap ng anumang mensahe (maliban sa mga SMS na text na mensahe) kailangan mong i-set up ang mga kinakailangang account. Maaari mong gamitin ang mga wizard sa Internet at Email na ibinigay sa telepono para mag-download ng mga setting o manwal na gawin ito. Tingnan ang *Pag-set up sa Internet, email at MMS* sa Web guide.

## Shortcut sa Messaging

*Para umpisahan ang Messaging*

- Pindutin ang  sa keypad.

## Mga mensahe

Maaari kang gumawa, magpadala, at tumanggap ng iba't ibang mga uring mensahe:



SMS (Short Message Service) – mga text na mensahe

---



MMS (Multimedia Message Service) – maaaring may kasamang teksto, mga larawan at tunog

---



Mga email na mensahe

---



Mga nai-beam na mensahe sa Bluetooth

---

Maaari ka rin tumanggap ng:



Mga Awto setup na file para sa pag-configure ng Internet, email at MMS.

---



Mga mensahe sa impormasyon sa lugar gaya ng mga lokal na ulat sa daan

---

## Mga folder


Ang iba't ibang mga uri ng mensahe ay pinamamahalaan ng iba't ibang account. Ang default na account, Mga mensahe, ang namamahala sa lahat ng mensahe maliban sa mga email na mensahe. Ang mga email na mensahe ay pinamamahalaan ng mga email account na iyo mismong ginagawa. Lahat ng account ay binubuo ng ilang folder. Maaari kang magpalit sa pagitan ng mga folder sa pagpili sa arrow icon katabi ng pangalan ng folder:

- Inbox sa Mga mensahe – naglalaman ng lahat ng natanggap na mensahe maliban sa mga email na mensahe. Sa **Main menu > Mga tool > Control panel > Aparato > Mga tunog at alerto > Mga alerto sa mensahe** maaari mong itakda kung paano ka aabisuhan kapag may natanggap na mensahe.
- Inbox sa isang email account – naglalaman ng mga natanggap na email na mensahe para sa partikular na account na iyon.

- Outbox – naglalaman ng mga mensahe na handa nang maipadala.
- Mga draft – naglalaman ng mga mensahe na hindi pa handang maipadala. Kapag gumagawa ka ng mensahe, at lumabas sa mensahe bago ipadala ito, ikaw ay tatanungin kung nais mong i-save ito. Kung pinili mo ang **Oo**, ang mensahe ay awtomatikong itatabi sa folder na ito.
- Naipadala – naglalaman ng mga naipadlang mensahe.
- SIM – isang folder na matatagpuan sa iyong SIM card.

## SMS

### *Para gumawa at magpadala ng email na mensahe*

- 1 Pindutin ang  sa keypad.
- 2 Piliin ang **Gumawa ng bagong mensahe > SMS**.
- 3 I-tap ang **Para kay:** > Piliin ang **contact** at mag-browse sa iyong contact o mag-tap sa gilid ng **Para kay:** at isulat ang numero ng telepono ng tatanggap.
- 4 Isulat ang mensahe at piliin ang **ipadala**.


## MMS

Ang mga Mensaheng multimedia ay maaaring may mga larawan, video clip, animation at tunog, nakaayos na gaya ng slide na presentasyon na may kontrol sa playback na nakabatay sa oras.

### Bago ka gumamit ng MMS

Bago ka makapagpadala at makatanggap ng mga mensaheng multimedia kailangan mong i-download ang mga setting sa MMS. Maaari mong gamitin ang Internet wizard na nakahanda sa telepono sa **Main menu** > Control panel > Mga koneksyon > Internet wizard o, kung ang operator ay hindi suportado ng wizard na ito, manwal na gawin ito. Tingnan ang *Pag-set up sa Internet, email at MMS* sa Web guide.

## Isang kabuuang-ideya ng MMS



- 1 Mga opsyon sa menu. Maaari kang pumili ng template o nais mong idagdag sa mensahe, halimbawa isang larawan o tunog. (Kung ang menu ay hindi bukas, piliin ang **Idagdag.**)
- 2 Field sa entry (sa tab na detalye) kung saan ka makakagawa ng iyong mensahe
- 3 Mga playback key
- 4 Icon sa bagong pahina

---

5 Icon sa view ng oras. Nagbubukas ng view kung saan mo maia-adjust kung kailan at gaano katagal ipapakita ang iyong mga naidagdag na item

---



6 Tab ng Mga attachment.

---

7 Address tab para sa tatanggap at iba pang detalye

---

### **Para gumawa at magpadala ng MMS**

- 1 Pindutin ang  sa keypad.
- 2 Piliin ang **Gumawa ng bagong mensahe > MMS**.
- 3 Magdagdag ng larawan, teksto at tunog ayon sa gusto.
- 4 Piliin ang  at punan ang mga detalye sa tatanggap. Para magpadala ng mensahe sa ilang tatanggap, mag-type ng kuwit sa pagitan ng bawat address.
- 5 Piliin ang **Tapos na**.
- 6 Piliin ang **Iba pa > Ipadala**.

### **Para magbasa ng MMS**

- Piliin ang bagong mensahe.

! Sa unang pagkakataon na buksan mo ang mensahe ay awtomatiko itong magpi-play. Matapos iyon, kailangan mong gamitin ang mga playback key para i-play ito.

## **Email**


### **Bago ka gumamit ng email**

Para gumamit ng email kailangan mo ng Internet account at mangangailangang i-download ang mga kinakailangang setting sa email. Maaari mong gamitin ang Email wizard na nakahanda sa telepono sa ilalim ng **Main menu > Mga setting > Messaging > Mga email account** o, kung ang iyong operator ay hindi suportado ng wizard na ito, manwal na gawin ito. Tingnan ang Tulong sa telepono o *Pag-setup sa Internet, email at MMS* sa Web guide.

### **Pagpapadala ng mga email na mensahe**

Maaari kang gumawa ng mga email na mensahe para sa bawat email account.


### **Para gumawa at magpadala ng email na mensahe**

- 1 Pindutin ang  sa keypad.
- 2 Piliin ang **Bago**.
- 3 I-tap ang **Para kay: > Piliin ang contact** at mag-browse sa iyong contact o mag-tap sa gilid ng **Para kay:** at isulat ang email address ng tatanggap. Para magpadala ng mensahe sa ilang tatanggap, mag-type ng kuwit sa pagitan ng bawat address.
- 4 Piliin ang **Paksa:** at ipasok ang mga detalye.
- 5 Isulat ang iyong mensahe at piliin ang **Tapos na**.
- 6 Piliin ang **Ipadala**. Magkakaroon ka ng opsyon na agad na maipadala ang mensahe, o i-save ito sa Outbox.

### **Pagtanggap ng email**

Ang mga email na mensahe ay dina-download mula sa email server sa Internet o sa iyong opisina. Maaari mong manwal na i-download ang iyong email o itakda kung kailan dapat tiyakin ang bagong email ng iyong telepono.

### **Para manwal na mag-download ng mga email na mensahe**

- 1 Pindutin ang  sa keypad.
  - 2 Piliin ang iyong email account.
  - 3 Piliin ang **Iba pa > kumuha at ipadala**.
- ### **Para awtomatikong mag-download ng mga mensahe**
- 1 Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Mga setting > Messaging > Mga email account**.
  - 2 Piliin ang iyong email account.
  - 3 Piliin ang **Iba pa > Naka-schedule na pag-download**.
  - 4 Markahan ang check box na **Naka-schedule na pag-download** at ipasok ang mga oras kung kailan mo gustong mag-download ng mga email na mensahe.
  - 5 Piliin ang **I-save**.

! *Para sa mga IMAP account maaari mo rin piliin ang Push email at ipa-push ang mga bagong email na mensahe sa iyong telepono.*

### **Para mag-forward ng email na mensahe**

- 1 Mula sa iyong email account sa Messaging mag-scroll sa mensahe na nais mong i-forward.

## 2 Piliin ang **Iba pa > I-forward**.

- ! *Ang malalaking attachment ay nakakadagdag sa laki ng email at sa tagal ng koneksyon na kakailanganin para maipadala ito. Posibleng pumili kung nais na i-forward ang attachment.*


## Pagtingin ng mga mensahe

Maaari mong piliin na huwag tumanggap ng malalaking mensahe at tumanggap lamang ng header.

### *Para mag-download ng header*

- 1 Mula sa Napiling standby **Main menu > Mga setting > Messaging > Mga email account**.
- 2 Piliin ang iyong email account.
- 3 Piliin ang tab na **Inbox**.
- 4 Mula sa **Mga restriksiyon sa pag-download**, piliin ang **Mga header lang**.
- 5 Piliin ang **I-save**.

### *Para tingnan ang mga mensahe sa buong screen*

- 1 Pindutin ang  sa keypad.
- 2 Piliin ang iyong email account.
- 3 Piliin ang **Iba pa > Mga setting > Laging buong screen**.

## Pagtingin ng mga attachment

Para tumingin ng attachment kailangan mo ng viewer para sa uri ng file na iyon. Ang iyong telepono ay may mga naka-install na viewer para sa mga file na Microsoft® Word, Microsoft® Excel®, Microsoft® PowerPoint®, at Adobe™ Acrobat™.

## **Iba pa tungkol sa Messaging**

### Pagtanggal ng email

Maaari kang magtanggal ng mensahe kapwa lokal at sa iyong email server. Kapag lokal mo itong tinanggal, ang katawan ng mensahe at mga attachment ay tinatanggal ngunit ang heading ay mananatili. Maaari mong i-download uli ang mensahe sa susunod gamit ang opsyon na Kunin at ipadala. Kapag tinanggal mo ang mensahe sa iyong server, ito ay kapwa tinatanggal sa iyong telepono at sa iyong server.

### *Para humanap ng mensahe:*

- 1 Pindutin ang  sa keypad.

- 2 Piliin ang **Iba pa > Hanapin ang mensahe** para maghanap sa mga linya ng paksa, mga detalye sa nagpadala at sa teksto ng mensahe.

! Sa isang bukas na mensahe, ang **Hanapin** ay naghahanap sa loob ng mensahe.

### **Pag-save ng mga detalye sa contact**

Kapag nakatanggap ka ng mensahe, maaari mong i-save ang mga detalye sa contact ng tao na nagpadala ng mensahe.


### **Para i-save ang mga detalye sa contact ng nagpadala**

- 1 Piliin ang numero ng telepono ng nagpadala, pangalan o email address sa tab na mga detalye o **Mula kay:** sa address tab.
- 2 Piliin ang **Idagdag sa Mga contact.**

### **Pagdiskonekta mula sa Internet**

Kung ang iyong telepono ay konektado na sa Internet kapag nagpadala ka ng email na mensahe o ng MMS na mensahe mananatili pa rin itong konektado matapos magpadala.

### **Para magdiskonekta mula sa Internet**

- 1 Piliin ang icon sa koneksyon, halimbawa , sa status bar.
- 2 Sa Manager ng koneksyon, markahan ang check box para sa iyong koneksyon.
- 3 Piliin ang **Isara.**

### **Mga imbitasyon**

Kung nakatanggap ka ng imbitasyon sa isang kumpromiso sa isang email na mensahe, at iyong tinanggap, ang iyong kalendaryo ay awtomatikong i-update. Maaari ka rin sumagot at mag-forward ng imbitasyon.

### **Push email**

Sa push email, ang mga email na mensahe na natanggap sa iyong ordinaryong mailbox ay awtomatikong ipapadala sa iyong telepono. Maaari kang magpadala ng mga mensahe mula sa iyong telepono, at gumamit rin ng Kalendaryo at Mga contact na para kang gumagamit ng ordinaryong aplikasyon sa email sa iyong computer.

Depende sa iyong operator at merkado, maaari kang magpa-



install ng iba't-ibang push email client sa iyong telepono.

Ang IMAP Push email ay magagamit din sa iyong telepono.



### ***Para mag-set up ng IMAP Push email***

- 1 Mula sa Napiling standby **Main menu > Mga setting > Messaging > Mga email account.**
- 2 Piliin ang iyong email account.
- 3 Piliin ang tab na **Basic.**
- 4 Piliin ang **IMAP** sa **Uri ng koneksyon:**.
- 5 Markahan ang check box na **Push email.**
- 6 Sa Mga email account piliin ang **Iba pa > Laging On na push email.**
- 7 Markahan ang check box na **Laging On.**
- 8 Piliin ang **I-save.**
- 9 Para sa karagdagang impormasyon sa push email kontakin ang iyong operator, ang iyong tagabigay ng serbisyo o ang iyong IT administrator.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa push email tingnan ang *Iba pang tungkol sa Messaging* sa Web guide.

# Media

Ang aplikasyon na media ay maaaring humawak ng lahat ng iyong mga file sa media, tulad ng mga litrato at larawan, musika, at iba pang mga pagsubaybay sa track at video clip. Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Media** upang pumili sa alinman sa mga pangunahing function na ito:

- **Litrato** – tingnan, i-edit, ipadala o blog ang iyong mga litrato at larawan.
- **Musika** – ikategorya at i-play ang iyong mga file ng musika o ibang mga audio track.
- **Video** – i-play at i-handle ang iyong mga video clip.
- **Mga Setting** – baguhin ang posisyon ng aplikasyon, i-update ang iyong mga library o gamitin ang encoding function.

## Paglilipat ng mga file ng media

Ang Manager ng Media na computer software at mga USB driver ay nasa CD na kasama ng telepono. Gumamit ng Manager ng Media upang maglipat ng mga

file ng media mula sa mga CD o ang iyong computer papunt sa memory card ng iyong telepono. Tingnan ang Web guide para sa karagdagang impormasyon.

## Pag-update ng mga media library

Ang unang beses na gagamitin mo ang aplikasyon ng Media, o kapag nailipat mo na ang mga file ng media sa iyong telepono na may USB cable, ang iyong mga media library ay awtomatikong mag-a-update.

### *Upang mano-mano i-update ang mga file ng media*

Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Media > Mga Setting > Update library**.

## Mga Litrato at larawan

Pagtitingin at paggamit ng mga litrato

Sa Litrato maaari mong tingnan, ipadala at gamitin ang lahat ng larawan na naka-save sa memory ng iyong telepono o sa isang memory card. Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Media >**

**Litrato** upang pumili sa alinman sa mga opsyon sa pagtingin na ito:

- **Pinakahuling Litrato** - ang pinakahuling na kunan na litrato/video na naka-save sa iyong telepono o sa isang memory card.
- **Kamera album** - mga litrato at video na nakunan ng isang kamera, na naiprisinta nang sunod-sunod, ayon sa buwan.
- **Mga tag sa litrato** - tingnan ang iyong mga litrato na iyong nai-tag.
- **Mga Larawan** - ang mga larawan na hindi nakunan ng isang kamera, tulad ng mga larawang na-preload at na-download.

### ***Upang tingnan ang mga larawan sa isang slide show***

- 1 Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Media > Litrato** at pumili ng isa sa mga opsyon sa pagtingin.
- 2 Piliin ang **Tingnan > Simulan** upang mapatakbo ang isang awtomatikong slide show.
- 3 Pumili ng isa sa mga tunog na pre-define o pumili ng sarili sa pamamagitan ng pagpili ng **I-edit**.

### ***Upang magpadala ng isang larawan***

- 1 Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Media > Litrato** at pumili ng isa sa apat na mga opsyon sa pagtingin.
- 2 Pumili ng larawan
- 3 Piliin ang **Iba pa > Ipadala bilang** at piliin upang ipadala ang file sa pamamagitan ng Bluetooth™, sa isang MMS na mensahe o sa isang blog.

### **Remote screen**

Maaari kang gumamit ng isang tugmang Bluetooth™ na aksesorya para tingnan ang mga larawan sa isang remote screen, tulad ng TV. Para sa listahan ng mga katugmang aksesorya pumunta sa [www.sonyericsson.com/support](http://www.sonyericsson.com/support).

### ***Upang magpadala ng mga larawan sa isang remote screen***

- 1 Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Media > Litrato** at pumili ng isa sa mga opsyon sa pagtingin.
- 2 Piliin ang **Iba pa** at markahan ang **Remote screen**.
- 3 Piliin ang ginustong remote screen.

- 4 Piliin ang **Oo** upang paganahin ang Bluetooth™ function.
- 5 Magbukas ng isang larawan. Awtomatiko itong ipapadala sa remote screen.

! *Siguraduhin na ikaw ay nasa tingin na play ng buong screen at i-tap ang screen kapag ang mga opsyon sa slideshow ay hindi nagpapakita.*

### Pag-e-edit ng mga larawan

Gamit ang editor, maaari mong i-photo fix, i-pan, i-zoom at iikot ang iyong larawan. May mga filter din para sa mga effect at pagwawasto ng larawan.

### Upang mag-edit ng larawan

- 1 Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Media > Litrato**.
- 2 Pumili ng larawan
- 3 Piliin ang **Iba pa > I-edit**.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga katangian at kung paano gamitin ito, tingnan ang Web guide.

## Musika at mga audio track

Ang Music player ay sumusuporta ng mga format na tulad ng MP3,

WMA, WAV, AAC, AAC+ at eAAC+. Para sa isang listahan ng lahat ng suportadong format ng media, tingnan ang Web guide.

### Upang i-play ang musika o ibang audio track

- 1 Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Media > Musika**.
- 2 Mag-browse para sa musika/mga track sa pamamagitan ng **Mga Album, Mga mang-aawit, Mga track, Mga Compilation, Mga auto playlist, Mga playlist, Mga Audiobook, Mga Podcast** and **Mga rekord ko**.
- 3 Mag-scroll sa ginustong track at piliin ang **I-play**.

### Mga kontrol sa playback


---

 I-play


---

 Itigil

---

 Lumaktaw sa naunang track

---



 Lumaktaw sa susunod na track

---

### Upang i-adjust ang volume

- Pindutin ang mga Volume key.

## ***Upang i-minimize ang Music player***

- Kapag ang music player ay bumukas pindutin ang matagal . Ang musika ay patuloy na magpi-play. Upang bumalik sa Music player, pindutin  sa status bar.

## ***Mga playlist***

Ang isang playlist ang nagsasabi kung aling mga track ang ipi-play at kung anong ayos. Ang playlist ay naglalaman lang ng mga link sa mga track, kung kaya kapag nagtanggap ka ng mga track mula sa playlist, ang mga aktuwal na sound file ay hindi tinatanggal.

## ***Upang gumawa ng playlist***

- Kapag nakabukas ang **Media**, piliin ang **Musika > Mga Playlist > bagong playlist**.

## ***Upang magdagdag ng mga kanta sa playlist***

- 1 kapag nakabukas ang **Music**, markahan ang isa o higit pang mga track.
- 2 Piliin ang Iba pa > Idagdag sa > Playlist.

## ***Mga auto playlist***

Ang music player ay gumagawa ng awtomatikong mga playlist batay sa, halimbawa, kung gaano kadalas ka makinig sa mga track. Tingnan ang Web guide para sa karagdagang impormasyon.

## ***Mga bookmark***

Kung itinigil mo ang playback ng isang audibook o isang podcast channel, isang bookmark ay awtomatikong magtatakda sa posisyon na ito. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang *Media* sa Web guide.

## ***Video***

Sa **Video**, maaari kang makapanood ng mga clip na nakatabi sa iyong telepono. Ang Video ay maaaring mag-play ng MPEG-4, H.263, H.264, WMV9 at Real Video na format.

## ***Upang makapagg-play ng video clip***

- 1 Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Media > Video**.
- 2 Mag-navigate sa mga clip na nais mong panoorin at piliin ang **I-play**.

## **Mga kontrol sa playback**

habang sa playback, maaari mong gamitin ang mga kontrol sa playback. Tingnan ang *Mga kontrol sa playback* sa pahina 50.

### ***Upang lumipat sa loob ng isang video clip***

- Mag-tap sa progress bar.

### ***Upang baguhin ang posisyon ng screen***

- Habang nasa playback, i-tap ang screen sa lugar ng video playback upang lumipat sa pagitan ng tingin na landscape at portrait.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Video, tingnan ang *Media* sa Web guide.

# Kamera

Ang 3.2 megapixel na kamera ay maaaring kumuha ng mga larawan at mga video clip. Maaari mong itabi ang mga ito sa telepono o ipadala ang mga ito bilang MMS. Ang kontrol sa exposure ay awtomatiko at sa mga kondisyon na mahina ang ilaw maaari mong gamitin ang ilaw ng kamera.

## Pagkuha ng mga larawan at video clip

*Para kumuha ng larawan o video clip*

- 1 Pindutin ang kamera key para iaktibo ang kamera.
- 2 Baguhin ang mga setting kung kinakailangan.

- 3 Pindutin ang kamera key sa kalahati para i-focus ang lens. Pagkatapos ay ganap na pindutin para kunin ang larawan.



- 
- 1 Gamitin ang mga nabigasyon key para umakyat at bumaba para pumili sa pagitan ng mode ng larawan, mode ng video o mode na view. Ang napiling mode ay dilaw
- 
- 2 Tinutukang lugar

---

3 Pindutin ng isang beses para baguhin ang pinakamadalas na gamitin na mga setting. Pindutin nang dalawang beses upang ma-access ang mga setting sa setup sa litrato.

---

4 Pinaka madalas gamitin na kabuuang-ideya ng mga setting

---

5 Kabuuang-ideya ng mga setting sa setup sa litrato

---

6 Ang natitirang bilang ng larawan o tagal ng video para sa mga kasalukuyang setting



---

7 Bumalik sa naunang view

---


Gamitin ang volume keys para ma- zoom in at out. Gamitin ang kaliwa at kanan na mga nabigasyon na key para sa baguhin ang liwanag

## Pagbago sa mga setting sa kamera

 Pindutin ang  para makita kung paano mo magagamit ang mga key ng keypad bilang mga shortcut para sa ilan sa pinakamadalas gamitin na setting. Pindutin uli ang key para tanggalin ang deskripsyon.

Karamihan sa mga setting na iyong ginagawa ay mananatili hanggang sa baguhin mo ang mga ito, kahit nai-off mo ang kamera o ang iyong telepono.


### **Para sa baguhin ang pinaka nagagamit na mga setting**


- 1 Pindutin ng  isang beses para buksan ang listahan ng mga setting.
- 2 Piliin ang kailangang setting para makita ang mga opsyon para sa setting na ito.
- 3 Pumili ng isang opsyon para baguhin ang setting.


Ang icon sa bawat setting ay magkakaiba na nakasalalay sa kung sa larawan o mode na video ang napili at kung anong setting





ang nakatakda sa.. Ang mga setting ay:

 **Mga eksena** – pumili ng isang eksena na naaangkop sa iyong paksa



 **Mode na pagkuha** –piliin kung anong pagbubukod ng mga larawan o video clip ang kukuhanan

 **Flash o Ilaw** – piliin ang **Naka-on** para paganahin ang photo light.

 **Focus** – para lamang sa mga larawan:  
Nagbibigay kakayahan sa kamera na awtomatikong i-focus ang mga lens.  
Piliin ang **Touch focus** at i-point sa screen para pumili kung saan dapat i-focus ang kamera  
Piliin ang **Macro** para sa mga sagad na close-up.

 **White balance** – para sa lamang sa pag-rekord ng mga video clip:  
Pumili ng isang opsyon na tumutugma sa kondisyon ng liwanag.

### *Para ma-access menu sa setup sa litrato*

- 1 Pindutin ang  at pagkatapos  (sa parehong posisyon) upang i-access ang menu sa setup sa litrato.
- 2 Piliin ang setting na babaguhin

Mga magagamit ng setting sa kamera ay:

- **Sukat ng larawan** - piliin kung anong sukat ng larawan ang gagamitin.
- **White balance** – pumili ng opsyon na tumutugma sa mga kondisyon ng liwanag.
- **Self timer** – piliin ang **Naka-on** para kumuha ng mga larawan at clip na may time delay.
- **Mga effect** – itakda at tingnan ang iba't-ibang effect bago ka kumuha ng larawan.
- **Kalidad ng larawan** - pumili ng isang kalidad ng larawan

- Piliin ang **Naka-off** para i-off ang pag-rekord ng tunog.
- **Image/Video stabilizer** - binabawasan ang epekto mula sa mga vibration
- **Auto review** – awtomatikong ipakita ang larawan o video clip matapos itong makuha.
- **I-save sa** – piliin kung ang mga larawan at clip ay isi-save sa Media memory o sa Memorya ng telepono. Kung pinili mo ang **Memory stick ang mas gusto** ang mga ito ay itatabi sa telepono kapag wala nang natitirang lugar sa Memory stick.
- **Tunog ng shutter** – pumili (o mag-mute) ng tunog ng shutter.
- **I-reset** - ibalik ang mga setting sa kanilang default na value.

### ***To manage pictures and video clips***

- 1 Kapag tiningnan mo ang mga larawan at video clip, piliin ang **lba pa**.
- 2 Pumili ng opsyon

## **Viewer**

Maaari mong tingnan ang mga larawan at video clip na iyong nakuha at i-manage din ang mga ito sa maraming mga paraan.

Para bukasang ang isang menu sa mga opsyon ng manonood, piliin ang **lba pa**.

Sa paggamit ng **I-tag ang litratong ito** maaari mong i-kategorya ang mga larawan o video clip at pagbukodin ang mga ito sa iba't ibang tag ng litrato.

Tingnan **Mga Litrato at larawan** sa pahina 48 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa viewer.

### ***Para magpadala ng larawan o video clip bilang MMS***

- 1 Sa viewer piliin ang **lpadala** para buksan ang Messaging at ipasok ang larawan o clip sa isang MMS.
- 2 Sundin ang mga tagubilin sa telepono. Tingnan din ang **MMS** sa pahina 42.

# Entertainment



## PlayNow™

Ang PlayNow™ ay isang serbisyong pang-download ng entertainment. Maaari mong i-preview ang nilalaman bago bilhin.

! *Ang serbisyong ito ay hindi magagamit sa lahat ng bansa.*

### Bago ka gumamit ng PlayNow™

Para magamit ang PlayNow™ kailangan mo ng koneksyon sa Internet. Tingnan ang *Pag-set up sa Internet, email at MMS* sa Web guide.

### Pag-preview ng nilalaman

Maaari kang mag-download ng preview sample para sa karamihan ng nilalaman na nakahanda sa PlayNow™ bago magpasyang bumili.

### *Para i-preview ang nilalaman ng PlayNow™*

- 1 Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Entertainment > Video**.
- 2 Piliin ang **I-preview** o **I-play** para sa nilalaman na nais mong i-preview.

### Pagbili ng nilalaman

Kapag bumibili ng nilalaman mula sa PlayNow™, ang halaga ng serbisyong ito ay ipapakita sa iyong telepono. Ang halaga ay ide-debit sa iyong prepay card o sa bill ng iyong telepono

### *Para bilhin ang nilalaman ng PlayNow™*

- Piliin ang **Bilhin** katabi ng nilalaman na nais mong bilhin at sundin ang mga tagubilin sa screen.

## FM radio

Para makinig sa radyo kailangan mong ipasok ang handsfree, dahil ginagamit ng radyo ang kable ng handsfree bilang antenna. Gayunman, maaari ka pa rin makinig sa tunog sa speaker o sa isang headset na konektado sa Bluetooth™.


### *Para makinig sa radyo*

- 1 Ikonekta ang handsfree sa telepono.
- 2 Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Entertainment > FM radio**.

### **Para awtomatikong maghanap at magtabi ng mga channel sa radyo**

- Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Entertainment > FM radio > Iba pa > Awtomatikong itabi.**

### **Para ilipat ang tunog**

- Kapag bukas ang FM radio pumili  at piliin, halimbawa, ang built-in speaker o isang Bluetooth™ headset.

### **Para i-minimize ang radyo**

- Kapag bukas ang FM radio pindutin ang back key. Ang radyo ay magpapatuloy sa pag-play sa background.

### **Para bumalik sa radyo**

- Piliin ang  sa status bar.

### **Para i-off ang radyo**

- Kapag ang FM radio ay bukas piliin ang **I-off.**




### **Mga tuning at preset**

#### **Para humanap ng mga channel sa radyo**

- Kapag ang FM radio ay bukas piliin ang  o .

### **Para manwal na i-tune**

- 1 When FM radio is open select **More > Set frequency.**
- 2 Ipasok ang frequency gamit ang mga key.






 Maaari mo rin pindutin ng matagal ang  o  para baguhin ang frequency sa 0.1 MHz na step.

### **Para magtabi ng memory preset**

- 1 Kapag ang FM radio ay bukas mag-tune sa gustong channel at piliin ang **Iba pa > I-save.**
- 2 Pumili ng preset na numero sa pagitan ng 1 at 20 at piliin ang **Ipasok.**

### **Para mag-recall ng memory preset**

- 1 Kapag ang FM radio ay bukas piliin ang **Mga preset.**
- 2 Mag-scroll sa gustong channel at pindutin ang .

 Maaari kang gumamit ng mga preset na 1 hanggang 10 sa pagpindot ng   hanggang  at . Pindutin ng matagal para itabi, pindutin saglit para i-recall.

### **RDS (Radio Data System)**

Ang RDS functionality ay nagbibigay kakayahan sa iyo para

gawing awtomatikong lumipat sa isang channel ang radyo kapag nagbo-broadcast ito ng **Pahayag sa trapiko**, **TA**, or **Pahayag na balita**, **NEWS**. Ang radyo ay maaari rin ire-tune sa **Alternatibong frequency** **AF** na nagbibigay ng pinakamagandang reception sa istasyon na iyong napili.

! *Hindi lahat ng mga channel sa radyo nagtra- transmit ng impormasyong RDS.*

### **Para i-access ang mga setting sa RDS**

- Kapag ang FM radio ay bukas piliin ang **Iba pa > Mga setting > Mga opsyon sa RDS**.



### **TrackID™**

Maaari mong gamitin ang TrackID™ para alamin ang pangalan ng kanta. Mag-rekord ka ng ilang mga segundo ng musika gamit ang mikropono o mula sa built-in FM radio. Ang sample ay ipinapadala sa TrackID™ database. Kung may natagpuang katugma makikita mo ang pangalan ng mang-aawit, ang album at ang titulo ng kanta. Ang serbisyong TrackID™ ay libre,

ngunit ang iyong tagabigay ng serbisyo ay maaaring maningil para sa trapiko sa datos.

! *Ang serbisyong ito ay hindi magagamit sa lahat ng bansa.*


### **Bago ka gumamit ng TrackID™**

Para magamit ang TrackID™ kailangan mo ng koneksyon sa Internet. Tingnan ang **Pag-set up sa Internet, email at MMS** sa Web guide.

### **Para kilalanin ang isang kanta gamit ang mikropono**

- 1 Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Entertainment > Video**.
- 2 Hawakan ang telepono malapit sa speaker at piliin ang **Simulan**.

### **Para kilalanin ang isang kantang pinatugtog sa FM radio**

- Kapag nakabukas ang radyo, i-tap .

# Pagkakakonek

Upang magpalitan ng impormasyon sa pagitan ng iyong telepono at ng iba pang aparato maaari mong gamitin, halimbawa, ang konkesyon ng isang USB o isang Bluetooth™.

## PC Suite

Kapag kumokonekta ang iyong telepono sa isang computer, ilang mga gawain ang kinakailangan na mayroon kang Sony Ericsson PC Suite na naka-install sa iyong computer. I-install ito mula sa CD na pinadala kasama ang iyong telepono o pumunta sa [www.sonyericsson.com/support](http://www.sonyericsson.com/support) para sa pinakahuling bersiyon.

Maaari mong gamitin ang PC Suite sa maraming bagay, kasama ang pag-synchronize ng iyong datos na may Microsoft® Outlook® sa iyong computer o paggawa ng mga backup ng datos sa telepono. Tingnan ang *PC Suite* sa Web guide para sa karagdagang impormasyon.

Ang PC Suite ay nangangailangan ng isang USB cable na

koneksyon, ngunit sa ilang aplikasyon maaari ka rin gumamit ng Bluetooth na koneksyon.

## USB na koneksyon

Sa USB na koneksyon maaari kang, halimbawa, maglipat ng mga file sa pagitan ng iyong telepono at isang computer, mag-synchronize at gumawa ng mga backup ng datos sa telepono.

Kapag kinonekta mo ang iyong telepono at computer gamit ang USB cable may dalawang opsyon ang lilitaw, mode na **Paglipat ng file** at **Mode ng telepono**.

- ! *Upang maglipat ng mga file sa mode ng paglipat ng file hindi mo kailangan i-install ang PC Suite sa iyong computer. Para sa mode ng telepono, PC Suite ay kinakailangan.*

## Mode ng paglipat ng file

Sa mode ng paglipat ng file maaari kang maglipat ng mga file tungo at mula sa iyong computer na mas mabilis ng kaunti kumpara sa normal mode. Gayunpaman, sa mode ng paglipat ng file na Microsoft® Windows® Explorer

ay magpapakita lamang ng memory card (kung nakapasok).

- ! *Huwag tanggalin ang USB cable mula sa iyong telepono o computer habang naglilipat ng file sapagkat maaaring magdulot ito ng pagkawala ng datos.*

### ***Upang gamitin ang mode ng paglipat ng file***

- 1 Ikonekta ang USB cable sa iyong telepono at sa computer.
- 2 **Telepono:** Piliin ang **Paglipat ng file**.
- 3 **Computer:** Maghintay hanggang lumitaw ang memory card bilang isang external disk, "PHONE CARD", in Windows Explorer.
- 4 Gamitin ang Windows Explorer para maglipat ng mga file sa pagitan ng telepono at ng computer.

### ***Upang putulin nang maayos ang koneksyon ng telepono mula sa iyong computer***

- 1 **Computer:** Mag-right-click sa icon ng de-tanggal na disk sa Windows Explorer at piliin ang *Eject*.
- 2 **Telepono:** Tanggaliin ang USB cable mula sa iyong telepono.

### **Mode ng telepono**

Sa mode ng telepono maaari mong gamitin ang iyong computer upang i-synchronize ang mga contact at mga item sa kalendaryo, maglipat ng mga file, gamitin ang telepono bilang modem at iba pa. Kasama sa mga aplikasyon na suportado sa mode ng telepono ay:

- Synchronization
- Manager ng File
- Mobile Networking Wizard
- Manager ng Pag-backup
- Wika sa Pag-download
- Installer ng Aplikasyon

### ***Upang gamitin ang mode ng telepono***

- 1 **Computer:** I-install ang PC Suite para sa Sony Ericsson software.
- 2 Piliin ang *Start/Programs/Sony Ericsson/PC Suite* para sa Sony Ericsson. Ang aplikasyon ay magsisimula.
- 3 Ikonekta ang USB cable sa iyong telepono at sa computer.
- 4 **Telepono:** Piliin ang **Mode ng telepono**.

- 5 **Computer:** Maghintay habang ini-install ng Windows ang mga kinakailangang driver.

! *Lahat ng aplikasyon sa mode ng telepono ay markado ng berde sa PC Suite. Ang synchronization lamang ang tinutukoy dito. Para sa iba pang aplikasyon, tingnan ang PC Suite sa Web guide.*


## Synchronization

*Upang i-synchronize ang iyong telepono ay gamit ang PC Suite*

- 1 Ikonekta ang USB cable sa iyong telepono at sa computer.
- 2 **Telepono:** Piliin ang **Mode ng telepono**.
- 3 **Computer:** Simulan ang PC Suite.
- 4 Maghintay hanggang maikonekta ang iyong telepono, kung kailan, ang pindutan na *I-synchronize Ngayon* ay magiging berde.
- 5 Kapag nagawa mo na ang lahat ng setting sa synchronization, i-click ang *I-synchronize Ngayon*.

## Bluetooth na koneksyon


*Para i-on ang Bluetooth na koneksyon*

- 1 Mula sa Standby, piliin ang **Main Menu > Mga setting > Pagkakakonek > Bluetooth**.
- 2 Piliin ang tab ng **Mga setting**  at markahan ang check box na **I-on ang Bluetooth**.

**Pagpapares**

Sa lahat ng mga gawain, maliban sa iisang paglipat ng file, kailangang magtatag ng isang permanente at pinagkakatiwalaang ugnayan sa pagitan ng telepono at sa ibang aparato. Ito ang tinatawag na pagpapares (o bonding).

*Upang pumares sa isa pang Bluetooth na aparato*

- 1 Mula sa Standby, piliin ang **Main Menu > Mga setting > Pagkakakonek > Bluetooth**.
- 2 Piliin ang tab na **Mga aparato**  **> Bagong aparato**.
- 3 Piliin ang aparato sa listahan.
- 4 Kung hihingin sa iyo, ipasok ang passcode (tinatawag ring passkey).



## WLAN na koneksyon

Ang function na WLAN ay nagbibigay kakayahan para ma-access ang Internet kung ikaw ay naaabot ng isang WLAN network. Ang uri ng network ang magpapasya kung anong uri ng WLAN account ang gagamitin ng iyong telepono.

### Mga uri ng WLAN network

- **Hot spot**- isang pansamantalang account ang awtomatikong ginagawa
- **Hindi nai-configure na network** – ang network ay hindi kilala ng iyong telepono, at tatanungin ka na mag-set up ka ng isang account.
- **Nai-configure na network** - isang account na una mong nai-set up ang gagamitin.

### *Para iaktibo ang iyong telepono para sa WLAN*

- 1 Mula sa Standby, piliin ang **Main Menu > Mga setting > Pagkakakonek > WLAN**.

- 2 Piliin ang **Iba pa > Paganahin ang WLAN**.

! *Sa France pinapayagan ka lang gumamit ng WLAN sa loob ng bahay/gusali.*

### *Upang humanap ng mga magagamit na WLAN network (WLAN ay nakaaktibo)*

- 1 Mula sa Standby, piliin ang **Main Menu > Mga setting > Pagkakakonek > WLAN**.
- 2 Piliin ang **I-scan**.

### Mga magagamit na WLAN network

Ang mga network ay natagpuan kapag nag-ii-scan na nililista na may mga icon na nagpapabatid ng kalidad ng network at uri:



Indicator sa kalidad ng network.



Isang nai-configure na network (na may account sa iyong telepono)




Isang secure na network, nangangailangan ng (mga) encryption key para sa pag-access.

---

### **Upang mag- set up ng isang WLAN account**

- 1 Mula sa Standby, piliin ang **Main Menu > Mga setting > Pagkakakonek > WLAN.**
- 2 Piliin ang **Iba pa > Bagong account.**
- 3 Ipasok ang kinakailangang datos at i-save.

 Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang *Mga Setting sa Web guide* o *Tulong sa telepono.*

## **Manager ng mga koneksyon**

Manager ng mga koneksyon ay ang lugar kung saan kinokontrol ang iyong mga koneksyon sa internet. Maaari mong buksan at isara ang mga koneksyon, at maaari mong i-reset ang mga log para sa mga koneksyon.

### **Upang buksan ang Manager ng mga koneksyon**

- Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Organizer > Mgr. ng mga koneksyon.**

### **Upang i-reset ang mga log**

- 1 Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Organizer > Mgr. ng mga koneksyon.**
- 2 Piliin ang log na nais mong i-reset.
- 3 Piliin ang **Iba pa > I-reset ang log.**

## **Wap push**

### **Upang i-set up ang iyong telepono sa paghawak ng mga papasok na Wap push na mensahe**

- 1 Mula sa Standby piliin ang **Main menu > Control Panel > Messaging > WAP push.**
- 2 Piliin ang **Awtomatiko** upang makatanggap ng mga serbisyo ng Wap push na naglo-load ng mensahe na hindi ipina-prompt.

## **Manager ng sertipiko at Mga Java na sertipiko**

Ang mga digital na sertipiko ay ginagamit upang tiyakin ang pinagmulan ng mga pahina sa Web na iyong binibisita o anumang software na iyong ii-install.

***Upang tingnan ang mga sertipiko ng gumagamit at CA sa iyong telepono***

